



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Ramadan at pagpapaunlad sa sarili



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang tao ay hindi lamang tagapasimuno ng kaunlaran, ngunit taglay niya rin ang liwanag ng kaisipan bilang likas na katangian. Ang buwan ng Ramadan na kung saan ipinahayag ng Allah ang banal na Koran ay sumasalamin sa mataas na antas ng kaisipan ng tao. Isa sa mga mahahalagang layunin ng buwang ito ay ang pagpapaunlad sa espiritwal na katayuan ng tao, na masisilayan sa pamamagitan ng mabubuting gawain at pag-uugali. Sinabi ni Imam Al-Ghazali, na ang pinakamahalagang bunga ng Ramadan, lalung-lalo na ang pag-aayuno ay ang sigla na nararamdaman ng tao sa kabila ng pagtalikod niya sa mga makamundong pangangailangan tulad ng pagkain at pag-inom. Bilang pagsunod sa kautusan ng Allah, ang taong nagsasagawa ng mga mabubuting gawain sa buwan ng Ramadan ay nakakaramdam ng kasiyahan sa antas ng pananampalataya, hangad ang gantimpala ng Allah sa kabilang-buhay. Kabilang din sa kabutihang makakamtan ng tao ay ang pagdadalisay ng kanyang kaluluwa, dahilan upang mapagaan para sa kanya ang pagtupad sa kanyang mga obligasyon at misyon bilang tagapangasiwa ng mundo. Sinabi ng Allah : [Katotohanang Ako ay magtatalaga ng tagapangasiwa sa kalupaan...] Koran 2:30.

Sa katunayan, napakabuti ng epekto ng pag-aayuno sa tao at hindi ito humahadlang sa mga karaniwang gawain at pananaliksik ng kaalaman. Si Imam Shafii noon ay maraming naisulat at nai-akdang mga aklat sa buwan ng Ramadan, na magpasa-hanggang ngayon ay binabasa at napapakinabangan natin. Isinalaysay ni Rabi' Ibn Suleiman na hinahati noon ni Imam Shafii ang kanyang gabi; ang unang bahagi ay para sa pagsusulat, ang pangalawang bahagi ay sa pagsasagawa ng salah at ang huling bahagi ay sa pagtulog. Tunay na pinagpala ng Allah ang buwang ng Ramadan. Kanyang itinakda para sa Kanyang mga lingkod ang napakaraming gantimpala at kabutihan para sa silang mga nagsumikap na samantalain ang pagkakataon, tulad na lamang ng pagbabasa ng Koran. Sinabi ng Allah: [Ang buwan ng Ramadan ay panahon na ipinahayag ang banal na Koran, bilang gabay para sa sangkatauhan...] Koran 2:185.

Katiyakan na ang mga katuruang ipinahayag ng Allah sa pinagpalang buwang ito ay walang ibang layunin kundi ang kasiyahan ng Kanyang mga alagad dito sa mundo hanggang sa kabilang-buhay.

Hinihikayat tayo ng Islam tungo sa paggugol ng mga oras sa buwang ito sa paggawa ng mga kabutihan bilang pagsunod sa tradisyon ng Propeta Muhammad(saws), lalung-lalo na sa huling sampung araw nito, na nagsisimula sa pagsikat ng bagong buwan; tulad ng pag-aayuno, pagkain ng iftar, pagpapakain sa mga nag-aayuno, pagsasagawa ng salah ng tarawih sa gabi, pagkain ng sahur at paggugol sa mga oras ng gabi sa pagsamba sa Allah. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, nawa'y ating makamtan ang habag ng Allah.

Samakatuwid, ang buwan ng Ramadan ay isang malaking pagkakataon na mapatibay ang ugnayan ng mga mamamayan at mapa-unlad ang lipunan, sapagkat ang mga mabubuting gawain sa buwang ito ay hindi lamang magdudulot ng kabutihan sa indibidwal na mamamayan, bagkus ito makakabuti sa pangkalahatan.

Ang mga araw ng Ramadan ay larawan ng kabutihan, sapagkat masisilayan dito ang pagbibigayan, pagkakaunawaan, pagdadamayan, pagkakapatiran at pagkalinga sa kapwa, na siyang nagpapatibay sa ugnayan ng tao at kanyang pananampalataya. Lahat ng kabutihang ito ay magdudulot ng katiwasayan, kasiyahan, kaunlaran at tagumpay sa lipunan.